# Gabay sa Talakayan ng Pamilya at Tagapangalaga kasama ang mga Guro at mga Paaralan

**Isang tagapagpahiwatig na natuklasang mahusay na nakakapagbigay ng pagtataya ngproblema sa pagbabasa sa hinaharap ay ang kasaysayan ng pamilya sa problema sa pag-unlad sa pagbabasa at wika ((Pinasiglang Ikalawang Pamalit na Batas ng Senado o Engrossed Second Substitute Senate Bill, E2SSB) 6162).**

Bago makipag-usap sa guro ng iyong anak, team ng suporta, o kawani ng paaralan, siguruhing kumuha ng anumang nauugnay na impormasyon mula sa paaralan ng iyong anak. Maaaring kasama sa nauugnay na impormasyon ang tungkol sa sumusunod na mga larangan:

- **Panlipunang Emosyonal na Kalagayan:** Nararamdaman ba ng iyong anak na mahalaga siyang miyembro ng komunidad ngklase?
- **Mga Pisikal na Salik:** Maayos bang nakakakita at nakakarinig ang iyong anak para makinabang mula sa pagtuturo?
- **Pagpasok at Disiplina:** Dahil ba sa kawalan ngaccess sa pagtuturo kaya nahihirapan ang iyong anak sa pagbabasa at pagsusulat?

*Maaaring gawing pundasyon ng mga guro sa kindergarten ang mga relasyong nabuo mula sa pangangasiwa ng Imbentaryo ng Umuunlad na Kasanayan ng mga Kindergarten sa Washington (Washington Kindergarten Inventory of Developong Skills, WaKIDS)*

## Gabay sa Talakayan para sa mga Mag-aaral, Pamilya at/o Tagapangalagabago ang pagpupulong kasama ng mga guro at kawani ng paaralan:

Ang nasa ibaba ay mga paraan para makilahok ang iyong anak bilang paghahanda sa Talakayan ng Pamilya/Tagapangalaga. Isa itong pagkakataon para matuto ka pa tungkol sa nararanasan ng iyong anak sa paaralan.

- Tanungin sa iyong anak kung anong mga asignatura ang pinakagusto niya at ang pinakaayaw niya at kung bakit.
- Tanungin ang iyong anak kung ano ang nararamdaman niya tungkol sa guro at mga kaedad niya. Nararamdaman ba niyang sinusuportahan siya at malugod na tinatanggap sa silid-aralan? Mayroon bang anuman na gusto niyangmabigyan ng suporta bukod sa gawain sa paaralan?
- Suriin ang akademikong pag-unlad ng iyong anak, ang kaniyang mga iskor sa pagsusulit, at ang kaniyang pagpasok sa website ng iyongdistrito o sa pamamagitan ng iba pang sanggunian
- Gumawa ng listahan ng mga tanong na mayroon ka at mga paksa na gusto mong talakayin sa guro.Isama ang mga bagay na maaaring makatulong para maunawaan nila ang mga hamon, kalakasan, atinteres ng iyong anak. Ilarawan ang nakikita mong kalakasan ng iyong anak at ipaliwanag kung saan, sa palagay mo ay kailangan ng iyong anak ng karagdagang tulong.
- Pag-isipan kung ano ang maaari mong sabihin sa mga guro para matulungan silang mas maunawaan ang iyong anak,tulad ng mga paboritong asignatura ng iyong anak, espesyal na interes o libangan, medikal na kondisyon, sitwasyon ng pamilya,o anumang problema na maaaring makaapekto sa pagkatuto, pagpasok, o pag-uugali.

## Gabay sa Talakayan para sa mga Magulang at Tagapangalaga*

Nasa ibaba ang mga iminumungkahing tanong na magagamit ng mga pamilya/tagapangalaga sa kanilang talakayan saguro ng kanilang anak at/o paaralan:

- Ano ang mga inaasahan(mga akademikong pamantayan) sa mga baitang?
- Ano ang pinakamahusay na paraan para makipag-ugnayan sa guro?
- Kumusta ang pag-unlad ng anak ko? Mayroon bang anuman na gusto mong ibahagi sa akin tungkol sa naobserbahan mo sa aking anak mula nangmagsimula ang klase sa paaralan?
- Kumusta ang anak ko pagdating sa panlipunan at emosyonal na aspekto? Nababahala ka ba tungkol sa mga ito sa anumang paraan?
- Paano ko pinakamahusay na masusuportahan ang kanilang panlipunanat emosyonal na pag-unlad sa tahanan?
- Ano ang inaasahang matutuhan,malaman, at magawa ng anak ko pagkatapos ng baitang na ito, at nakakasunod ba ang aking anak?
- Paanokakalkulahin ang mga marka ng anak ko?
- Mayroon bang anumang takdang aralin na hindi pa naisusumite ng aking anak, at kung gayon nga,puwede mo ba akong bigyan ng listahan ng mga takdang aralin na iyon at timeline kung kailan kailangang maisumite ang mga iyon?
- Ano ang mahusay na nagagawa ng aking anak, at saan nahihirapan ang aking anak? Puwede mo ba akong bigyan ng mga halimbawa?
- Paano mo malalaman kapag umuunlad ang aking anak at kapag kailanganniya ng karagdagang tulong?
- Ano ang puwede kong gawin para suportahan ang aking anak?
- Mayroon bang mga online na programa o mga serbisyo na makakatulong din sa akinganak?

***Kinuha mula sa New York City Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education)***